

EKSPERTONG KONSULTANT PAKETE NG IMPORMASYON AT APLIKASYON

Mga Serbisyo sa Pag-iwas ng Family First
Programa sa Patuloy na Pagpapabuti ng Kalidad (CQI)



Pangkalahatang-ideya

Sa ngalan ng Estado ng California, **Los Angeles County**, at Chapin Hall Center for Children, **kumukuha kami ng hanggang tatlong (3) Independent Consultant bawat county/Tribe.**

Susuportahan ng *Mga Expertong Konsultant* na ito ang Prevention Services Continuous Quality Improvement (CQI) Plan ng California. Kabilang sa mga konsultant ang mga taong may karanasan sa buhay pagdating sa kapakanan ng bata, probasyon ng kabataan, adbokasiyang batay sa komunidad, at mga Tribong komunidad.

Magrehistro para sa isang Sesyon ng Impormasyon upang matuto nang higit pa tungkol sa pagkakataong ito! Gamitin ang QR code o pumunta sa tinyurl.com/ECInfoReg upang magparehistro



Ang mga Expertong Konsultant ay gagana sa isang tungkuling pagpapayo upang palakasin ang sistema ng prebensyon sa California, isulong ang pagkakapantay-pantay ng lahi, at tiyaking ang mga pagsisikap ng CQI ay nabigyang kaalaman ng mga tunay na karanasan, kalakasan, at pangangailangan ng mga komunidad na kanilang pinaglilingkuran. Ang mga konsultant ay makikipagtulungan sa Chapin Hall, sa California Department of Social Services (CDSS), mga county o Tribal prevention service teams, mga kapwa independiyenteng konsultant, at mga tagapagtaguyod ng komunidad. Sama-sama, dadalhin nila ang sa buhay na karanasan sa disenyo, pagpapatupad, at pagpapabuti ng mga aktibidad ng CQI na nakatuon sa prebensyon.

Ang mga magtatagumpay na aplikante ay magdadala ng direktang kaalaman mula sa kanilang mga karanasan at tutulong lumikha ng pagbabago sa sistema. Ang layunin ay panatilihin magkakasama ang mga pamilya hangga't maaari at palakasin ang mga serbisyo para sa mga pamilyang kasangkot sa kapakanan ng bata at probasyon ng kabataan. Ang mga konsultant ay dapat magkaroon ng matibay na pagtuon sa pagpapabuti ng mga serbisyo sa prebensyon sa pamamagitan ng inklusibong gawaing CQI na nakatuon sa pagkakapantay-pantay na nakasentro sa tinig ng mga pinakanaapektuhan.

Mga Responsibilidad

Ang mga Expertong Konsultant ay:

- Kumpletuhin ang onboarding training bago lumahok sa mga aktibidad ng county, Tribal, o rehiyon (2.5 oras, virtual).
- Makikilahok sa:
 - Hanggang tatlong buwanang pagpupulong ng CQI ng county/Tribe (hanggang 90 minuto bawat isa, virtual o personal depende sa kagustuhan ng Tribe/county);

- Apat na quarterly na pagpupulong sa rehiyon (apat na oras bawat isa, virtual o personal depende sa kagustuhan ng county/Tribe); at
- Opsyonal na mga virtual na sesyon ng suporta (2-4 sa isang buwan, 60 minuto bawat isa, virtual).
- Magsusuri ng mga materyales na ipinadala bago at pagkatapos ng mga pagpupulong (hanggang 60 minuto sa kabuuan).
- Makipagtulungan sa mga pangkat ng county/Tribe upang suriin ang datos ng prebensyon, tukuyin ang mga prayoridad ng CQI, at magbahagi ng mga rekomendasyon na nakatuon sa pagkakapantay-pantay batay sa mga karanasan sa buhay.
- Tutulong sa pagtukoy ng mga hadlang, suportahan ang peer learning, at mag-ambag sa isang kultura ng pagkakabilang, mentorship, at pagiging kompidensiyal.
- Magsusumite ng mga invoice sa pamamagitan ng Chapin Hall system at papanatilihin ang kakayahang makatanggap ng mga elektronikong pagbabayad (hal. bank account o Cash App).
- Papanatilihin kumpidensyal ang impormasyon kapag nakikipagtulungan sa mga partner ng estado, Tribo, county at komunidad. Magpakita ng kuryusidad, respeto, at ibinahaging responsibilidad para sa pagpapabuti ng sistema.

Mga Kriterya sa Pagiging Kwalipikado

Para maging kwalipikado para sa posisyon ng Ekspertong Konsultant, ang mga aplikante ay dapat na:

- Hindi bababa sa 18 taong gulang kapag nag-a-apply
- May karanasan sa buhay sa kapakanan ng bata, probasyon, mga serbisyo sa komunidad, at/o kaakibat ng isang Tribo na matatagpuan sa California
- May US Tax ID/Social Security Number
- May account sa bangko o Cash App®
- Kumpletuhin ang aplikasyon para sa Ekspertong Konsultant
- Mapili ng county o Tribe
- Sundin ang mga patakarang ahensya ng county o Tribal tungkol sa kasaysayan ng kriminalidad (mangyaring talakayin ito sa CPP Lead)

Ito ay mga pansamantalang tungkulin batay sa pakikilahok. Ang mga konsultant ay gaganap bilang mga independiyenteng kontraktor at hindi magbibigay ng direktang serbisyo. Hindi kinakailangan ang pormal na edukasyon o mga kredensyal. Ang pinakamahalaga ay ang karanasan ng bawat tao, koneksyon sa komunidad, at pagtuon sa pagpapabuti ng mga sistema ng prebensyon.

Karanasan at Iba Pang Kwalipikasyon

Ang mga matagumpay na aplikante ay:

- May kakayahang gumamit ng online na sistema ng kalendaryo.
- May kakayahang tingnan ang mga dokumento sa elektronikong paraan.
- Makabasa at makaintindi ng mga materyales na nakasulat sa ika-8 baitang (sa kanilang pangunahing wika).
- May karanasan sa mga sistema sa kapakanan ng bata, probation, mga serbisyo sa prebensyon, continuous quality improvement (CQI), gawaing pangkomunidad, o pagbabago ng sistema.
- May kaalaman sa mga ideya at pamamaraan ng CQI (o kahandaang matuto), lalo na sa mga serbisyong pantao o kapakanan ng bata.
- May kaalaman sa Five-Year Prevention Plan ng California at kahandaang sumunod sa mga prayoridad nito at kung paano ito isinasagawa.
- Magagawang bumuo ng tiwala at makisali sa mga makabuluhang paraan sa mga kasosyo sa komunidad at sistema.
- Magagawang magamit ang kanilang natutunan mula sa kanilang mga personal na karanasan sa buhay upang makatulong na makagawa ng mga pagpapabuti.
- May mahusay na komunikasyon at kasanayan sa pakikisalamuha sa kapwa.
- Maging mapagtuon sa pagkakapantay-pantay, ibinahaging pamumuno, at makabuluhang makipagtulungan sa mga kasosyo sa county, Tribal, at estado.
- May mahusay na pagpapasya kapag humahawak ng pribadong impormasyon at pag-unawa kung bakit mahalaga ang pagpapanatiling kumpidensyal ng impormasyon sa pagpapalano at gawain sa CQI.

Suweldo

Nakatuon ang California sa pagbabayad ng kompetitibong halaga sa mga taong may karanasan sa buhay. Ang Mga Ekspertong Konsultant ay makakatanggap ng \$100 kada oras para sa kanilang trabaho sa mga aktibidad ng prevention CQI. Magbibigay din ng \$200 na stipend para sa pagdalo sa bawat isa sa apat na rehiyonal na pagpupulong ng Prevention CQI Collaborative (kabuuang \$800) kung pipiliin ng Tribe/county na lumahok

Mag-iiba-iba ang mga oras batay sa mga aktibidad ng CQI ng Tribe o county. Walang garantiya ang mga oras, ngunit karamihan sa Mga Ekspertong Konsultant ay maaaring umasa na magtrabaho sa pagitan ng 6–10 oras bawat buwan.

Benepisyo

Bilang Mga Independiyenteng Konsultant, hindi ka makakatanggap ng mga benepisyo o kagamitan.

Pag-access

May mga serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon na makukuha batay sa mga pangangailangan sa wika upang makatulong sa proseso ng aplikasyon, mga pagpupulong, mga pagsasanay, at mga materyales.

Paunawa ng Epekto sa Mga Buwis at Pampublikong Benepisyo

Mga Buwis

Hindi kukuha ng buwis ang Chapin Hall mula sa iyong mga bayad. Kailangang magbayad ng buwis ang Mga Eskpertong Konsultant sa lahat ng perang kinita. Ang Mga Ekspertong Konsultant na kumikita ng higit sa \$600 sa isang kalendaryong taon ay makakatanggap ng 1099 form mula sa Chapin Hall.

Benepisyo

Anumang perang natanggap habang nagsisilbi bilang isang Ekspertong Konsultant ay nabibilang bilang kita. Ang kitang ito ay maaaring makaapekto sa mga benepisyo ng tulong publiko. Kabilang sa mga benepisyong maaaring maapektuhan ang CalFresh/Food and Nutrition Services, CalWORKs/TANF, Medi-Cal/Medicaid, Child Support, at iba pang mga pampublikong programa. Kung may mga katanungan tungkol sa mga benepisyo, dapat makipag-usap ang mga aplikante sa manggagawang nag-aasikaso ng bawat benepisyong natatanggap.

